

# Bokabolaryo para sa Pagsasalin

## Mga Termino ng Tubig-Bagyo

---

**Pag-apaw ng Pinagsamang Alkantariya:** Nangyayari sa isang pinagsamang sistema ng alkantariya (isa na kumukulekta ng naipong tubig-bagyo, dumi sa alkantariya, at patapong tubig ng industriya sa magkaparehong tubo) kapag ang bulto ng tubig ay sumobra sa kapasidad ng sistema. Ito ay maaaring mangyari kapag mayroong malakas na ulan/ bagyo.

**Erosyon:** Kapag ang mga bato at lupa ay nakukuha at nalilipat sa ibang lugar sa pamamagitan ng iyelo, tubig, hangin o grabidad.

**Tubig sa Lupa:** Tubig na nasa lupa, nasa mga puwang sa pagitan ng mga butil ng lupa.

**Sementado o may Aspalto na ibabaw ng lupa:** Ang pang-ibabaw ng lupa na matigas na hindi hinayaan na makaraan ang tubig o makapunta sa ilalim ng lupa.

**Sementado o may Aspalto na ibabaw ng lupa na may puwang:** Ang pang-ibabawa ng lupa na nasisipsip o nakakapunta ang tubig sa ilalim ng lupa.

**Polyusyon:** Ang paglitaw o pagsisimula ng nakakapinsalang duming bagay sa kapaligiran (ang sobrang dami ng hindi nakakapinsala ng duming bagay ay maaari ding makapinsala; halimbawa: sobrang ingay=polyusyon na ingay.

**Halamanan na mayroong ulan:** Isang halamanan na dinisenyo na may partikular na mga halaman at lugar para sa tubig para magsama upang ang tubig ay magkaroon ng oras na masipsip sa ilalim ng lupa.

**Lumihis at nahiwalay na tubig:** Tubig na hindi nasipsip sa ilalim ng lupa, at sa halip lumihis sa ibabaw) (kalimitan mula sa sementado o aspaltado na ibabaw at napunta sa imburnal ng tubig o sa kulupon ng tubig.

**Imburnal:** Kanal na tumatangay ng sumobrang tubig mula sa kalsada, paradahan, o ibang ibabaw ng lupa sa panahon ng malakas na ulan.

**Tubig-Bagyo:** Tubig na bumabagsak na malakas sa lupa, karaniwan mula sa malakas na ulan o bagyo ng iyelo.

**Lungsod:** May kinalaman sa isang lungsod o bayan.

**Pagbabago ng Panahon:** Pagkabasag-basag ng bato sa maliliit na piraso sa pamamagitan ng hangin, tubig, halaman, o ibang proseso na likas.

## Mga Termino sa Inhinyerya

---

<b>Mga Nakakapigil:</b>	Limitasyon sa posibleng mga solusyon kadalasan kasama ang halaga, materyales at oras.
<b>Kriterya sa tagumpay:</b>	Mga kailangan para ang isang solusyon ay maging tagumpay.
<b>Inhinyero:</b>	Isang tao na lumulutas ng mga problema gamit ang siyensiya at isang proseso ng disenyo sa inhinyerya.
<b>Proceso ng Disenyo ng Inhinyerya:</b>	Isang serye ng mga hakbang na ating isinusunod upang lutasin ang isang problema.
<b>Punto ng Pagkabigo:</b>	Isang bahagi ng isang sistema na magiging dahilan ng pagtigil nito na magtrabaho kung ito ay bumagsak. Ang paghanap ng punto ng pagkabigo sa isang solusyon ay magpapahintulot ng mga pagbabago na mapagbuti ang solusyon.
<b>Paggawa ng lahat ng paraan:</b>	Pagsusubok sa mga solusyon upang gawin ang isang solusyon na maging epektibo hangga't maaari sa pagtugon sa kriterya at mga nakakapigil.
<b>Problema:</b>	Kung ano ang ating pagsisikap malutas.
<b>Solusyon:</b>	Isang bagay na nakatugon sa kriterya ng isang problema para sa tagumpay at makasunod sa pagpipigil dito.
<b>Namumuhunan:</b>	Mga tao na may pag-alala tungkol sa iang problema at maaapektuhan sa solusyon nito.

## Mga Termino sa Pag-eksperimento

---

<b>Binagong Variable:</b>	Elemento na sadyang binago sa panahon ng eksperimento para makaapekto sa kalalabasan (tawag din dito ay “nagsasariling variable”).
<b>Kontroladong Variable:</b>	Elemento na ginagamit muli sa bawa't araw na gumagawa ng eksperimento.
<b>Makatarungang Pagsusuri:</b>	Isang eksperimento na ang isa ay binago ang variable at ang ibang variable ay kontrolado.
<b>Sukat na Variable:</b>	Elemento na sinukat upang tiyakin ang kalalabasan ng eksperimento (tawag din dito ay “hindi nagsasariling variable”).
<b>Variables:</b>	Mga elemento na maaaring makaapekto sa kalalabasan ng eksperimento.